

BPI-LBNCRDPSC

VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

CORE VALUES

SPICE IT!

Service Orientation. We are proactive and we value our clients.

Professionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

Integrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

Commitment. We work with passion and dedication.

Excellence. We produce the best results.

Innovative. We find new solutions.

Teamwork. We exercise partnership and camaraderie.

Inihanda nina:

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II

Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural
Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-
based Home and Community Gardening



Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag o sumulat sa:

THE CENTER CHIEF

BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños, Laguna



(049) 536-0285



(049) 536-7931; 536-0285, 536-6462



bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph



Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
Bureau of Plant Industry
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support
Center

GABAY SA PAGTATANIM TALONG



PAGTATANIM NG TALONG

TALONG

Ang talong (*Solanum melongena*) ay kabilang sa pamilya ng Solanaceae. Itoy ay may matagal na buhay at lumalaki hanggang 1.5m. Itinuturing itong isa sa mga nangungunang gulay sa Pilipinas¹. Tinatayang mahigit sa 20,000 ektaryang lupa kabilang ang maliliit na taniman na may lawak na 0.5 hanggang 2.0 ektarya ang inilalaan sa pagtatanim ng talong sa bansa⁴. Ilan sa mga nangungunang lugar sa bansa na pinagtataniman ng talong ang Ilocos (29%), Central Luzon (14%) at Southern Tagalog (13%).²

Ang talong ay isa sa mahahalagang sangkap sa ilang lutuin ng mga Pilipino gaya ng pinakbet, omelet at iba pa. Nagtataglay ito ng bitamina at mineral na makabubuti sa kalusugan ng mga kokonsumo nito. Mayroon itong phytonutrients gaya ng phenolic compounds (caffeic and chlorogenic acid at flavonoids) na mabuti sa kalusugan ng utak at puso at nagbibigay proteksyon laban sa free radicals³. Mabisa rin ito sa digestive system at sa buto dahil nagtataglay ito ng manganese, vitamin K, magnesium, copper maging ng vitamin C, vitamin B6, folate at niacin.⁴

Mga Dapat Tandaan sa Pagtatanim

Klima at Lupa

Ang temperatura sa pagitan ng 21-29°C ay mabuti para sa maayos na paglaki ng talong. Sa panahon ng pamumulaklak, ang masyadong mababang temperatura at konting araw ay hindi nakabubuti sa pollen. Ang masyadong mataas ng temperatura at halumigmig ay nakaaapekto din sa pamumulaklak ng talong.

Ang lupa na mataas sa "organic matter" at may pH sa pagitan ng 5.5-6.8 ay mabuti para sa pagtatanim ng talong. Ang "sandy loam" at "silt loam" na lupa o buhaghag subalit matabang lupa ay mabuti para sa talong.

Paghahanda ng Punla

Ihanda ang media na pagpupunlaan, Ito ay binubuo ng isang bahagi ng kompost (vermicompost), isang bahagi ng kwerdas (coconut coir dust) at isang bahagi ng lupa (1:1:1). Ilagay ito sa punlaang trey (lagayan ng punla). Ihasik ang buto sa punlaan at tabunan ng kaunting lupa. Kapag sumibol na ang mga punla, ilipat ang mga ito sa panibagong lagayan upang mas makalaki. Diligan ng Tropical Herbal Nutrient (THN) o Fermented Plant Juice (FPJ) ang punla isa hanggang dalawang beses sa isang linggo. Makalipas ang tatlong linggo pagkasibol o kapag ang punla ay may 3 hanggang 5 dahon na ay maaari na itong ilipat sa taniman.

Paglilipat Tanim

Maaari nang ilipat sa taniman ang punla 3 linggo mula ng sumibol o kapag nagtataglay na ng 3 o 5 mabubuting dahon. Mas makabubuting isagawa ang paglilipat tanim sa dakong umaga o hapon kung kailan hindi matindi and sikat ng araw upang maiwasan ang pagkabigla ng punla.

Kung walang bakanteng lupang taniman ay maaaring magtanim sa mga bakanteng basyo, plastik, sako o paso.

Pangangalaga sa Nutrisyon ng Talong

Paglilagay ng pataba sa halaman

Ilagay ang organikong pataba (vermicompost) sa lupang pagtataniman 3 o 7 araw bago magtanim o maglipat tanim., na may daming 0.5kg/m² hanggang 1.0kg/m².



Pangkondisyon ng lupa



Idilig sa kamatis 1 o 2 beses sa isang linggo pagkalipat tanim hanggang mamulaklak ang Fermented Plant Juice (FPJ) o Tropical Herbal Nutrient (THN) na inihalo sa tubig (10-12mL bawat 1 litro ng tubig). Maaari ding idilig sa halaman ang goat manure at vermicompost extract isang beses sa isang linggo (10-12mL bawat 1 litro ng tubig)

Pag-aani

Maaari nang anihin ang talong kapag ang bunga nito ay nasa tamang laki at kinang na (table-ripe stage). Para sa pagbibinhi, anihin ang talong na magulang na at nagtataglay ng dilaw o brown (kayumanggi) na kulay.



Pangkonsumo



Pambinhi

Pagbubuto at Pag-iimbak ng Buto

Upang makuha ang buto, ang bunga ng talong ay pinalalambot sa pamamagitan ng pagpalo o pagpapagulong ng kahoy o anumang pamalo at saka hahatiin upang makuha ang buto. Ang hiniwang bunga ay inilalagay sa tubig upang mabilis na mahiwalay ang buto mula dito.



Ilagay ang buto sa screen or net at hayaang matuyo sa hangin ng 3 araw bago ibilad sa araw ng 5 araw o hanggang matuyo.

Ang natuyong buto ay maaari nang ilagay sa mga polyethylene plastic bag, bote, garapon o papel bago itabi sa imbak. Ang imbak ay nararapat na tuyo, mababa ang temperatura at halumigmig upang mas humaba ang buhay ng buto.

Reference/s:

¹Agricultural Biotechnology Support Project II. Country Specific data for Eggplant in the Philippines. <http://www.absp2.cornell.edu/projects/intersect.cfm?productid=2&countryid=3>. Date retrieved, September 13, 2012

²Eggplant Production Guide. <http://www.vegetableipmasia.org/docs/Eggplant/EGGPLANT%20PRODUCTION%20GUIDE.pdf>. Date retrieved, September 13, 2012.

³The worlds Healthiest foods. <http://www.whfoods.com/genpage.php?tname=foodspice&dbid=22>. Date retrieved, September 13, 2012

⁴The World's Healthiest Foods. Eggplant. <http://www.whfoods.com/genpage.php?tname=foodspice&dbid=22>

Bureau of Plant Industry. Organic Eggplant Seed Production Guide.